Abril 2024

AT&T

# Bulletin

*Sa lathalang ito:* • *Mag-ingat sa panlilinlang* • *Maging handa kapag may mga emergency* • *Tulong mula sa AT&T na may Kaugnayan sa Sakuna* • *Ito'y pagkukumpuni ng kawad sa loob ng bahay o negosyo* • *Mga mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa consumer marketing*

## *Mga ipinag-uutos na mensahe mula sa California Public Utilities Commission (CPUC)*

Mag-ingat sa panlilinlang *Naghahanap ng mga tip sa pag-iingat sa panlilinlang? Tingnan ang California Public Utilities Commission website sa CalPhoneInfo.com*

### Maging Handa Kapag May Mga Emergency: Tumulong na panatilihing gumagana ang mga telepono

Kapag may mga emergency, mga sakuna (kasama ang mga wildfire), at kawalan ng kuryente, maaaring maapektuhan ang mga wireless at wireline na serbisyo ng telepono. Kailangan ng AT&T ang inyong tulong upang matiyak na kayo, ang inyong mga mahal sa buhay, mga empleyado, at mga customer ay maaaring patuloy na makipag-ugnayan, at maaaring umasa ang mga emergency worker sa phone system para isaayos ang mga relief effort. Kapag may naganap na lindol, sunog o iba pang mga sakuna, natural na nais tumawag ang mga tao sa isa't isa, pero kapag sabay-sabay na tumatawag ang mga tao, nagkakaroon ng overload sa network dahil sa biglaang pagdami ng mga tawag sa telepono. Narito kung paano kayo makakapaghatid ng mga mensahe sa pamilya, mga kaibigan, mga empleyado, at mga customer kapag may emergency, habang natitiyak na available ang phone system para sa lahat.

### Bago ang isang sakuna

Pumunta sa ready.gov para malaman ang mga karagdagang paraan para makapaghanda sa iba't ibang sakuna.

- Gumawa ng isang plano ng komunikasyon para sa pamilya.
- Tiyaking tuyo at fully charged ang inyong wireless na telepono.
- Tiyakin nasa inyong wireless phone ang mga numero at email address ng mga taong dapat ninyong tawagan kapag may emergency.
- I-forward sa inyong wireless number ang inyong numero sa bahay o negosyo (kailangan ng subscription sa Call Forwarding*) kung kailangan ninyong lumisan sa inyong tirahan o negosyo.

**Maaaring may karagdagang mga singil kung ifo-forward ang inyong tawag sa isang numerong hindi lokal.*

### Habang may Sakuna

- Mangyaring **HUWAG** tumawag sa inyong lokal na (“0”) o Long Distance (“00”) Operator kapag may emergency dahil maaaring magdulot ito ng hindi kinakailangang pagkakaantala sa emergency assistance.
- Tumawag sa 911 tanging kung kailangan ninyo ng tulong dahil nasa agarang panganib ang inyong buhay o ari-arian. Maaari kayong makakuha ng balita at mga update mula sa radio o sa internet.

  Kapag tumatawag sa 911, siguraduhin na:
  - Manatili sa linya at hintaying sumagot ang emergency personnel; huwag ibaba ang telepono at tumawag muli.
  - Agad na sabihin ang emergency.
  - Sagutin ang lahat ng mga tanong sa inyo.
- Maghintay. Kapag may emergency tulad ng isang lindol, maaaring magdulot ng mga pagkakaantala ang isang overloaded na network. At iyon ay nangangahulugang mas matagal bago matapos ang mga tawag. Upang malaman kung maaaring gumawa ng tawag, pakinggan kung may:
  - Normal na dial tone: Gawin ang tawag.
  - Walang naririnig: Maghintay ng dial tone; manatili sa linya—kapag ibinababa ang telepono naaantala ang mga tawag.
  - Mabilis na busy signal (doble ang bilis kumpara sa karaniwan): Subukan ulit mamaya.
  - Isang recording na nagsasabi sa inyong busy ang lahat ng mga circuit: Subukan ulit mamaya.
- Subaybayan sa inyong wireless device ang lokal na balita at impormasyon sa kalagayan ng panahon.
- Limitahan ang mga tawag na walang kaugnayan sa isang emergency.
- Subukang mag-text sa halip na tumawag.
- Magtabi ng de-bateryang radio at bagong mga baterya.

TA Spring Bulletin 4/24

## Tulong mula sa AT&T na may Kaugnayan sa Sakuna

Kung sakaling magdeklara ng state of emergency (kalagayang pang-emerhensya) ang Gobernador ng California o Presidente ng Estados Unidos, ang mga residential at small business customer sa California na may karaniwang telepono sa bahay, AT&T Phone (digital service), o wireless service ay maaaring karapat-dapat para sa consumer assistance. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol dito at iba pang mga hakbang ng ginagawa ng AT&T na may kaugnayan sa mga sakuna, mangyaring tumungo sa att.com/disasterrelief

## Ito'y Pagkukumpuni ng Kawad sa Loob ng Bahay o Negosyo

Inangat ninyo ang inyong telepono sa bahay o negosyo upang gumawa ng tawag at wala kayong naririnig na dial tone. Kaya't tumawag kayo sa amin upang malaman kung may problema - at maaaring may kinalaman ito sa mga kawad sa loob ng inyong tirahan o negosyo.

Ang kawad sa loob ng bahay o opisina ay ang bahagi ng kawad ng telepono na kumokonekta sa phone jack sa loob ng inyong bahay o opisina sa aming network sa labas ng inyong bahay o opisina. Kung umuupa kayo, responsibilidad ng inyong landlord ang pagkakabit ng isang (1) magagamit na phone jack at pagpapanatiling gumagana nang maayos ang mga kawad sa loob ng tirahan o opisina.

Paano kung hindi gumagana nang maayos ang mga kawad sa loob ng inyong bahay o opisina? Maaari ninyong...

- Sariling ikumpuni ang kawad (o kausapin ang inyong landlord kung umuupa kayo).
- Kumasundo ng bendedor upang maayos niya ang kawad para sa inyo.
- Tawagan ang aming repair line (611) at hilingin na kumpunihin namin ang kawad ng inyong telepono at mga telephone jack. (Idadagdag namin sa inyong bill ang nagastos para sa trabaho at materyales.)
- Mag-subscribe sa WirePro℠Service*, isang protection plan na sumasaklaw sa mga kawad at linya ng telepono sa loob ng tahanan. Ang WirePro℠ Service* ay para lamang sa standard na kawad at jacks na gumagana noong nakonekta ang inyong serbisyo, na sumasapat at ikinabit ayon sa mga pamantayan na binalangkas ng National Electrical Code at Electronic Industry Association.

Mas gusto ba ninyong ipakumpuni sa isang technician? Maaari naming mag-schedule ng isang service appointment na mag-uumpisa sa loob ng apat na oras. Siguraduhin na nasa bahay kayo sa kabuuan ng panahong ito. Upang matuto ng higit, tumawag sa 800.288.2020 para sa serbisyo sa tahanan at sa 800.750.2355 para sa serbisyo sa negosyo.

**Maaaring mag-iba ang mga presyo at availability. Mangyaring tawagan kami sa 800.288.2020 (serbisyo sa bahay) o 800.750.2355 (serbisyo sa negosyo)*

# *Mahalaga sa amin ang inyong pagkapribado*

## Mga Madudulugan ng Impormasyon tungkol sa Pagbebenta sa Consumer sa Pamamagitan ng Telepono

Mayroon kayong mga karapatan sa pagkapribado kapag tinatawagan kayo ng mga bendedor. Maaari ninyong alamin ang lahat tungkol sa mga karapatang ito sa isang kopya ng "Stop Unwanted Robocalls anad Texts". Upang makuha ang inyong kopya, kontakin ang Federal Communications Commission, Consumer and Governmental Affairs Bureau, 45 L Street NE, Washington, D.C., 20554. Tumawag sa 888.225.5322, o gumawa ng ASL Video call sa 844.432.2275 o tumungo sa fcc.gov/consumers/guides/stop-unwanted-robocalls-and-texts

Kung mayroon kayong email address na ginagamit ninyo, maaari din ninyong gumawa ng mga hakbang upang mahadlangan ang panlilinlang sa telemarketing at magparehistro (o bawiin ang inyong pagpaparehistro) sa National Do Not Call Registry online sa donotcall.gov. O tumawag sa 888.382.1222 (TTY 866.290.4236) mula sa telephone number na gusto ninyong iparehistro sa do-not-call-list.

Ang inyong wika. Hinatid. Gayon din higit sa 240 iba.
Tumawag sa 800.288.2020.

AT&T

©2024 AT&T Intellectual Property. Nakalaan ang lahat ng mga karapatan. Ang AT&T at Globe logo ay mga nakarehistrong tatak-kalakal ng AT&T Intellectual Property. Lahat ng ibang tatak-kalakal ay pag-aari ng mga naturang may-ari.

Inilimbag sa resikladong papel.